



**Kagawaran ng Hustisya
Estados Unidos**

Dibisyon para sa Mga Karapatang Sibil



**Kagawaran ng Edukasyon sa
Estados Unidos**

*Tanggapan para sa Mga
Karapatang Sibil*



**Inisyatibo ng White House sa mga
Amerikanong Asyano at mga Mulang-
Isla Pacifico**

Paglaban sa Diskriminasyon sa mga Estudyanteng AANHPI at MASSA

Ang Dibisyon ng Karapatang Sibil (CRT) sa Kagawaran ng Hustisya sa Estados Unidos at ang Tanggapan para sa Karapatang Sibil (OCR) sa Kagawaran ng Edukasyon sa Estados Unidos ay nagpapatupad ng mga federal na batas sa mga karapatang sibil sa mga paaralang pampubliko at may federal na pondo sa lahat ng antas ng edukasyon. Pinoprotektahan ng mga batas na ito ang lahat ng estudyante, kabilang ang mga Amerikanong Asyano, Natibong Hawayano, at mga Mulang-Isla Pacifico (AANHPI) at mga estudyanteng Muslim, Arabo, Sikh, at Mula sa Timog Asya (MASSA), laban sa diskriminasyon dahil sa lahi, kulay at bansang pinagmulan (kabilang ang wika at mga bahagi na katangiang etniko).

Ang CRT ay nagpapatupad rin ng mga pagbabawal sa diskriminasyon sa relihiyon sa mga pampublikong paaralan. Ang mga paaralan ay kailangang gumawa ng agaran at angkop na aksyon upang matugunan ang mga reklamo sa diskriminasyon, kabilang ang pang-aagrabado o panliligalig dahil sa lahi, kulay, bansang pinagmulan, o relihiyon. Ang mga sumusunod ay mga halimbawa ng aksyon, o sa ilang kaso, ng kawalan ng aksyon, ng mga opisyal ng paaralan na paglabag sa mga batas na ipinatutupad ng CRT o OCR.

- *Isang estudyanteng Amerikanong Koreano ang nagsumbong sa kanyang prinsipal na isang pangkat ng estudyanteng Koreano ang paulit-ulit na naganakaw ng kanyang teksbuk sa kasaysayan ng Asya at nagsabing hindi siya “totoong Koreano” dahil Ingles lamang ang kanyang wika. Sinabi sa kanya ng prinsipal na dahil mga Koreano rin ang mga estudyanteng nang-aabala sa kanya, baka iyon ay isa lamang di pagkakaunawaan ng magkakaibigan at walang ginawang aksyon.*
- *Sinuot ng isang estudyanteng Sikh ang kanyang Turban sa paaralan. Sinabi ng guro sa estudyante na kailangan niyang tanggalin ang turban para sa kanyang kaligtasan, dahil sa mga karahasan kamakailan lamang na pinupuntirya ang mga Muslim sa rehiyon. Sinabi ng estudyante sa guro na siya ay Sikh. Nang tumanggi siyang tanggalin ang kanyang turban, sinuspinde siya.*
- *Isang estudyante mula sa China ang nakatanggap ng suspensyon habang hindi pumapasok sa paaralan dahil sa paglabag sa tuntunin ng paaralan sa pag-uugali. Bago makipagpulong sa asistant prinsipal upang pag-usapan ang suspensyon, ang magulang ng estudyante ay humiling ng tagasalang-wika o interpreter, ngunit hindi ito inasikaso ng mga administrador ng paaralan. Nang dumating ang magulang sa pulong, walang interpreter at itinuloy ng asistant prinsipal ang pulong.*
- *Sa isang pag-aaral tungkol sa 9/11, ang isang estudyante sa middle school ay tinawag na terorista ng kanyang mga kaeskwela at sinabihang bumalik sa kanyang bansa. Sinabi ng guro sa klase na ilan lamang sa mga Muslim ang terorista, at tinanong ang estudyante kung bakit hindi kinondena ng mga Muslim ang mga pag-atake ng mga terorista noong 9/11. Nagreklamo ang estudyante sa isang opisyal ng paaralan tungkol sa mga sinabi ng kanyang guro at mga kaeskwela, ngunit ang opisyal ng paaralan ay walang ginawang hakbang bilang pagtugon.*
- *Ang isang high school ay naglalaan ng mga serbisyo ng pagtuturo ng Ingles (EL) para lamang sa mga estudyante na nagsasalita ng Espanyol. Nang ang mga estudyanteng nagsasalita ng Punjabi ay naghanap ng mga serbisyo ng pagtuturo ng Ingles para matulungan sila na maluklok sa mas matataas na antas na klase (AP), sinabi ng prinsipal sa kanila na hindi nila maaaring parehong matatanggap ang mga serbisyo ng EL at makakakuha ng mga klase para sa AP.*
- *Isang pangkat ng mga estudyanteng Asyano ang sinasaktan at binubuska linggo-linggo sa isang klase ng gym ng ibang estudyante na nagsasabing, “Ang mga Asyano ay dapat na magagaling sa matematika – at hindi sa basketbol.” Nang magreklamo sila sa guro, sinabihan silang ang pinakamabuting gawin ay ang huwag pansinin ang ibang estudyante at tutukan ang lalong pagpapahusay sa klase ng gym.*

Sinumang may impormasyon tungkol sa diskriminasyon na nangyayari sa mga paaralan ay maaaring magsampa ng reklamo sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa:

Kagawaran ng Hustisya ng Estados Unidos, Dibisyon
para sa Mga Karapatang Sibil
Sangay para sa mga Oportunidad sa Edukasyon
Email: education@usdoj.gov
Telepono: 202-514-4092 o 877-292-3804
TTY: 800-514-0383

Kagawaran ng Edukasyon sa Estados Unidos,
Tanggapan para sa Mga Karapatang Sibil
Email: ocr@ed.gov
Telepono: 202-453-6100 o 800-421-3481
TDD: 800-877-8339
Tulong sa Wika: 800-USA-LEARN (800-872-5327)

Ang OCR ay naghahandog rin ng teknikal na tulong sa publiko at sumasagot sa mga pagtatanong ukol sa mga obligasyon ng paaralan at mga karapatan ng mga estudyante at magulang sa ilalim ng mga ipinatutupad na batas ng OCR.

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga batas na ipinatutupad ng CRT at OCR, kasama ang mga pagbabawal sa diskriminasyon dahil sa kapansanan at kasarian (kabilang ang identidad ng kasarian at di pagiging kaayon sa mga nakatatak-na-tipikal na sekswalidad), mangyaring bisitahin kami sa www.justice.gov/crt/educational-opportunities-section and www.ed.gov/ocr.